# Mga Hango mula sa “Maramihang Pag-aasawa sa Kirtland at Nauvoo”

## Gospel Topics Essay (topics.ChurchofJesusChrist.org)

Naniniwala ang mga Banal sa mga Huling Araw na ang monogamya—ang kasal ng isang lalaki at isang babae—ay ang batas ng Panginoon sa pag-aasawa noon pa man. Sa panahon ng Biblia, iniutos ng Panginoon sa ilan sa Kanyang mga tao na magpakasal nang higit sa isa—ang kasal ng isang lalaki sa mahigit sa isang babae. Tinanggap at sinunod din ng ilang mga naunang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kautusang ito na ibinigay sa pamamagitan ng mga propeta ng Diyos.

Matapos tumanggap ng isang paghahayag na nag-aatas sa kanya na mag-asawa nang mahigit sa isa, nagpakasal si Joseph Smith sa maraming babae at itinuro ang gawaing ito sa malalapit na kasamahan. Ang alituntuning ito ay isa sa mga pinakamahirap na aspeto ng Pagpapanumbalik—para kay Joseph mismo at para sa iba pang mga miyembro ng Simbahan. . . .

Ang Pagsisimula ng Maramihang Pag-aasawa sa Simbahan

. . . Sinabi ni Joseph sa kanyang mga kasama na isang anghel ang nagpakita sa kanya nang tatlong beses sa pagitan ng 1834 at 1842 at iniutos sa kanya na ituloy ang maramihang pag-aasawa nang mag-atubili siyang gawin ito. Sa ikatlo at huling pagpapakita, dumating ang anghel na may hawak na espada, binabalaan si Joseph ng pagkalipol maliban kung siya ay susulong at lubusang susundin ang kautusan. . . .

Sina Joseph at Emma

Ang maramihang pag-aasawa ay mahirap para sa lahat. Para sa asawa ni Joseph Smith na si Emma, ito ay isang napakatinding pagsubok. Walang gaanong tala tungkol sa naging reaksyon ni Emma sa maramihang pag-aasawa; wala siyang iniwang tala na siya mismo ang nagsulat, kaya hindi natin matutukoy ang nadama niya tungkol dito. Minahal at iginalang nang lubos nina Joseph at Emma ang isa’t isa. Matapos siyang mag-asawa nang mahigit sa isa, ibinuhos niya ang kanyang damdamin sa kanyang journal para sa kanyang “pinakamamahal na si Emma,” na inilarawan niya bilang “si Emma na marangal, matatag at di-natitinag, hindi nagbabago, at mapagmahal.” Pagkamatay ni Joseph, itinago ni Emma ang isang nakatali na mga hibla ng buhok nito sa isang locket na isinuot niya sa kanyang leeg. . . .

Pagsubok at Espirituwal na Patotoo

. . . Ayon kay Helen Mar Kimball, sinabi ni Joseph Smith na “ang pagsasagawa ng alituntuning ito ang pinakamahirap na pagsubok na mararanasan ng mga Banal na susubok sa kanilang pananampalataya.” . . .

Ang desisyong tanggapin ang gayong napakahirap na pagsubok ay karaniwang dumarating lamang matapos ang taimtim na panalangin at malalim na pagninilay-nilay. Nang malaman ni Brigham Young ang tungkol sa maramihang pag-aasawa, sinabi niya, “iyon ang unang pagkakataon sa aking buhay na ninais kong mamatay na lang.” “Kinailangan kong manalangin nang walang humpay,” sabi niya, “at kinailangan kong manampalataya at inihayag sa akin ng Panginoon ang katotohanan nito at napanatag ako.” . . .

Naalala ni Lucy Walker ang kanyang pagkaligalig nang anyayahan siya ni Joseph Smith na maging asawa nito. “Bawat himaymay ng aking kaluluwa ay kumontra laban dito,” isinulat niya. Subalit, matapos ang ilang gabi na puno ng taimtim na panalangin, nakadama siya ng kapanatagan nang “mapuspos ng banal na impluwensya” na katulad ng “maningning na sikat ng araw” ang kanyang silid. Sinabi niya, “Ang kaluluwa ko ay napuspos ng masayang kapayapaan na hindi ko pa naranasan noon,” at “napakalaking kaligayahan ang nadama ng aking buong katauhan.”

Katapusan

Ang hamon na ituro ang isang alituntunin na kasingkontrobersyal ng maramihang pag-aasawa ay halos imposibleng lubos na mabigyang-diin. Isang espirituwal na pagpapatibay sa katotohanan nito ang nagtulot kay Joseph Smith at sa iba pang Banal sa mga Huling Araw na tanggapin ang alituntuning ito. Bagama’t mahirap, ang pagpapasimula ng maramihang pag-aasawa sa Nauvoo ay tunay ngang “[n]agbangon ng mga binhi” sa Diyos. Maraming miyembro ngayon ang inapo ng matatapat na Banal sa mga Huling Araw na sinunod ang pag-aasawa nang higit sa isa.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2025 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_453-1